## MGA DAPAT TANDAAN

Sa isang ekonomiya, ang kabuuang gastos, kabuuang kita, at kabuuang produksyon ay halos magkakatulad dahil ang bawat transaksyon ay may mamimili (buyer) at manininda (seller). Ito ay sinusukat sa pamamagitan ng **Gross Domestic Product** o **GDP**.

Ang GDP ang kabuuang halaga ng mga produkto at serbisyo na ginawa sa loob ng bansa sa loob ng itinakdang panahon.

Ito ay indikasyon kung umaangat ang kakayahan ng mga tao na magkaroon ng matatag at maginhawang buhay.



**Sundan sina**




**sa social media para madagdagan ang kaalaman tungkol sa ekonomiya.**

PAMBANSANG PANGASIWAAN SA KABUHAYAN AT PAGPAPAUNLAD
REPUBLIKA NG PILIPINAS


www.neda.gov.ph
@NEDAhq
/AmbisyonNatin2040
/NEDAhq

EKO & MIYA

*presents*

# Gross Domestic Product





Ang sabi nila, umuunlad daw ang bansa.
Talaga? Paano naman nila nasabi iyon?
Hmmm. Eh paano nga ba malalaman kung umuunlad ang bansa?
Teka. I’m sure may panukat niyan somewhere...
Ang tinitingnan nila dyan ay ang Gross Domestic Product
Ano ‘yun?
Ito ‘yung total na halaga ng produkto at serbisyo na ginawa sa buong bansa. Kung mas mataas ito kesa dati, mas malamang na umunlad tayo.
Paano nila nalalaman ‘yan?
**National income** ang tawag sa kita ng bansa. At ang basehan nito ay ‘yung mga **national accounts** o record ng mga kinita ng bansa.
So pinagsama-samang kita s’ya ng buong bansa?
Korek!
Teka, teka, teka. Ibig bang sabihin ng GDP, i-a-add natin ang kinita ng lahat? Paano halimbawa itong banana chips? Kung kumita ka, ate, sa pagbenta nito sa amin, ‘di ba nagdoble ang bilang dahil kumita din ‘yung gumawa ng banana chips, at ‘yung nagtanim ng banana?
Banana Chips
Oo nga, at ‘yung nagbenta ng iba pang ingredients n’yan.
Ang binibilang natin dyan ay ‘yung **final sales**. Ito ‘yung wala nang iba pang magtitinda – tulad nitong banana chips. Kayo na ang final consumer n’yan. ‘Yung mga ginagamit na raw materials para sa mga bagay na ibebenta pa ay **intermediate goods**.
Ok, gets. Pero paano natin masasabing umunlad ang isang bansa? Kung mas marami ang kumain ng banana chips?
Una, kung mai-e-**export** natin ang banana chips ay makakatulong ‘yan (dagdag na kakain). Pero ang tunay na sukatan ng pag-unlad ay kung nadaragdagan ang **value** ng final goods.
Paanong...
Ang saging, bilang saging, ay may value. Pero kung niluto mo ito, nadadagdagan ang value (at presyo) niya. Kung ‘yung banana chips na niluto ay pinackage nang maganda at inexport, mas tataas ang value niyan. Ang layunin natin ay dagdagan nang husto ang value ng mga ginagawa natin.
Value
Value
Value
At ‘yung dagdag na value na ito ay nakikita sa GDP.
Parang ganun na nga. Teka, ano’ng ginagawa mo?
I-uuwi ko ito at ibebenta sa bahay. Para madagdagan pa ng konti ang value.
Para madagdagan ang kaalaman tungkol sa ekonomiya, sundan sina Eko at Miya sa
AmbisyonNatin2040